

PAGDALO NG ABOGADO SA PANAHOON NG IYONG PAG-APELA

Kailan ka maaaring magkaroon ng abogadong tutulong sa iyo sa panahon ng iyong mga apela.

Maaaring kang kumuha ng abogadong tutulong sa iyo sa iyong apela. Halimbawa, maaaring tulungan ka ng isang abogado na maghanda para sa isang pakikipagpulong o isang pagdinig o dumalo sa isang bahagi ng proseso ng apela. May mga partikular na alituntunin tungkol sa pagdalo ng isang abogado sa mediation (pagpupulong na may tagapamagitan) o pagdinig.

Dapat mong sabihin sa regional center kung ikaw ay isang lisensyadong abogado ng California o mayroon kang isang lisensyadong abogado ng California na dadalo sa iyong hindi pormal na pagpupulong, mediation o patas na pagdinig. Dapat mong sabihin sa iyong regional center nang hindi bababa sa 5 araw bago ang iyong mediation. Dapat mong sabihin sa iyong regional center nang hindi bababa sa 15 araw bago ang isang pagdinig.

Maaari ka ring humingi ng tulong o suporta mula sa ibang tao sa panahon ng anumang bahagi ng proseso.

Kailan maaaring humingi ng tulong ang isang regional center sa isang abogado sa panahon ng proseso ng apela.

Ang regional center ay maaaring magkaroon ng abogado para tumulong sa kanila sa proseso ng apela. Nangangahulugan ito na maaaring tulungan ng isang abogado ang regional center na maghanda para sa isang pagpupulong o isang pagdinig.

Hindi maaaring magpadalo ang regional center sa lisensyadong abogado ng California sa anumang bahagi ng proseso ng apela maliban kung ikaw ay isang abogado o mayroon kang isang lisensyadong abogado ng California na dadalo.

Sino ang kuwalipikado bilang isang lisensyadong abogado ng California.

Ang mga abogadong lisensyado sa California ay ang mga pinahihintulatang magtrabaho bilang abogado sa California. Ang State Bar of California ay nangangasiwa sa pagtanggap ng mga abogado upang magtrabaho bilang abogado.

Ang ilang mga abogado ay magiging mga "aktibo" na miyembro ng Bar. Ang iba ay magiging mga "hindi aktibo" na miyembro ng Bar. Ang mga aktibong miyembro ay mga indibidwal na pinapayagang kumatawan sa mga indibidwal o entidad sa California. Ang isang hindi aktibong abogado ay lisensyado na mag-practice sa California ngunit hindi maaaring kumatawan sa mga indibidwal o entidad maliban kung sila ay naging isang aktibong miyembro ng Bar.



Sasabihin sa iyo sa website ng State Bar of California kung ang isang abogado ay lisensyado na mag-practice sa California:

<https://apps.calbar.ca.gov/attorney/LicenseeSearch/QuickSearch?FreeText=>

Mga ibang pagkakataon kung kailan maaaring dumalo ang isang abogado sa proseso ng pagdinig?

Ang isang opisyal ng pagdinig ay maaaring magpasya na ang isang lisensyadong abogado ng California ay maaaring dumalo sa pagdinig sa "interes ng hustisya". Nangangahulugan ito na ang opisyal ng pagdinig ay maaaring hayaan ang isang lisensyadong abogado ng California na dumalo kung ito ay makakatulong na gawin itong isang patas na proseso. Ito ay maaaring mangyari kahit na ang isang partido ay hindi sumunod sa mga timeline para sa pagsasabing gagamit sila ng isang abogado. Dapat sabihin ng opisyal ng pagdinig sa mga partido ang tungkol sa desisyong ito bago magsimula ang pagdinig.

Paano Humingi ng Tulong

Maaari kang humingi ng tulong upang maunawaan ang iyong mga karapatang umapela. Makikita ang ilang ahensya na maaaring makatulong sa pamamagitan ng pag-click ng tab na "Getting Help" (Pagkuha ng Tulong) sa: <https://www.dds.ca.gov/general/appeals-complaints-comments/fair-hearings-complaint-process/lanterman-act-appeals-information-packet/>

